

1



*H*indu Kush, Afghanistan.

Nang makarinig ng putukan, mahigpit na hinawakan ni Petty Officer First Class Mark Jethro “Mage” Sanderson ang kanyang M4 assault rifle at patakbong nagtungo sa lagusan ng kuweba kung saan nakaupo ang apat niyang mga kasamahan. Nakatutok ang mga baril ng mga ito pero hindi na nagpapaputok. Nag-slide si Jethro patungo sa tabi ni Lt. Colin Torres at itinutok din ang kanyang baril sa labas.

“Who are we shooting?” tanong niya sa tinyente. Ang nakikita na lang ni Mage sa labas ng kuweba ay ang likod ng mga nagtatakbuhan kalaban. “Are we

done shooting? Can I still shoot them?”

“Tapos na,” sabi ni Petty Officer First Class Harley Brandt.

“Tsk,” sabi ni Jethro, disappointed. “Di man lang ako tinirhan.”

Gayunpaman, nanatili siyang nakatingin sa labas. Tahimik doon, mukhang winter wonderland kung di lang sa helicopter na nakatagilid sa gitna ng snow. Mistulang neutral zone ang may kalahating kilometrong pagitan ng pinagtataguan nilang kuweba at ng kakahuyan sa tapat na pinagtataguan naman ng pesteng mga terorista.

Ilang oras na silang naglalaro ng hide-and-peek, at kahit pa walang sawang bumaril si Jethro, hindi naman unlimited ang bala nila. All of the *SEALs* inside the cave with him were low on ammo. A lot of them were even low on blood.

Kabilang si Jethro sa mga sakay ng helicopter na kasalukuyang nakatagilid sa labas ng kuwebang ito. Isa siya sa mga swerteng nakaligtas nang walang pinsala maliban sa kaunting galos. Pero hindi nila inaasahang may magre-rescue sa kanila dahil nga bumagsak sila sa isa sa pinaka-hostile territories sa Hindu Kush. Noong

una pa lang, naghanda na siya para lumaban hanggang sa abot ng makakaya niya, hanggang sa huling bala kung kinakailangan, bago siya mamatay.

Pero dumating ang grupo nina Commander Herrera. They were on foot and giving the terrorists hell. Iyon nga lang, they weren't the rescue squad. They had been, kaya lang ay nag-crash din ang helicopter ng mga ito sa kabilang panig lang ng bundok matapos iyong tamaan ng RPG. While they brought badly needed supplies with them, ang magagawa lang niyon ay pahabain ng isa o dalawang araw ang possible survival rate nilang lahat kung hindi sila agad mare-rescue.

Gustong isipin ni Jethro na makakabalik siya nang buhay sa States. Pero kung hindi, he was going to make sure he was worthy of the flag that would be laid over his coffin should he die.

Purong Amerikano si Jethro, born and raised in California. He was fourth-generation *Navy*, third-generation *Navy SEAL*. Dark brown ang kanyang buhok at matingkad na berde ang mga mata. He was 5'11", and like most, if not all, *SEALs*, he was muscular, with a powerful frame that was honed by

training and rigorous physical activity.

Magaling siya sa mga baril at explosives, ulit, gaya ng lahat ng *SEALs*, and he was also his platoon's tech genius. Kaya niyang i-hack ang secured computer system ng isang terrorist organization gamit lang ang isang na-jailbreak na *iPhone* at libreng *WiFi* connection sa *Starbucks*. Alam niya iyon dahil minsan na niyang ginawa. Minsan na rin niyang na-hack ang mga computers ng *Pentagon* at *CIA* pero huwag na lang niyang ipagmayabang iyon kung ayaw niyang makulong.

“Is there anything left on the helo that we can salvage?” tanong ni Commander Herrera.

Si Chief Petty Officer Evan Hale ang sumagot. “The radio,” anito. “Even if it doesn't work, I might be able to use the parts to fix the ones we have, get a stronger signal and finally raise someone at the base.”

Kung magaling sa computer si Jethro, si Chief Hale naman ang magaling sa electronics. Kaya nitong gumawa ng bagong radyo gamit ang lasog-lasog at sunog na spareparts na pagtatagpi-tagpiin lang nito gamit ang nginuyang chewing gum at strips ng telang ginupit mula sa combat uniform.

“Blood!”

Nagulat silang lima nang sumulpot si Petty Officer David Carter, ang hospital corpsman ng kanilang team, mula sa likuran.

“Where?” tanong ni Jethro, tumingin pa sa mga kasamahan, inaalang kung may tinamaan sa kanila.

“No, I meant there’s blood in the helo. There’s a medical bag there with extra blood bags,” sabi ni Dave. Naupo rin ito sa lupa sa tapat nila, hawak ang sariling rifle. May mantsa ng natuyong dugo ang mga kamay nito, dugo malamang ng mga teammates nila. “I had to leave it behind because I already had my pack with me and I was helping the pilot get out.”

Binalingan nito si Commander Herrera. “It’s Commander Riley,” sabi ni Dave at nakita ni Jethro na natensyon ang katawan ng kanilang CO. Hindi man magkadugo, “magkapatid” ito at ang XO nitong si Lt. Commander Matthew Riley na isa sa mga malubhang nasugatan nang mag-crash ang unang helicopter.

“He’s still bleeding,” patuloy ni Dave. “And I only have enough blood for him to last a couple of hours. Maybe three. If we don’t get him to a hospital for a transfusion soon.” Lumunok si Dave at nakita ni

Jethro na nagtiim-bagang ito at hindi na nagpatuloy. Alam nitong naiintindihan nila ang ibig nitong sabihin. Sa halip, sinabi na lang nitong, “We’re going to need those supplies, Sir.”

Naintindihan niya ang pait na nadarama nito. The guy had lost a few people in the last two days. Hindi iyon madali para sa kanilang lahat. Paano pa kaya kay Dave na siyang medical corpsman nila? Hindi man kasalanan ng lalaki na hindi nito kinayang iligtas ang lahat ng mga nasugatan, alam niyang hindi maiiwasang sisihin ni Dave ang sarili.

Tumango si Commander Herrera at nilingon si Chief Hale. “You ready to go out there, Chief?”

Tumango ito. “We need two or three more guys.” Binalingan sila nito, pinag-aralan bago ito tumango sa kanila. “You three are coming with me,” sabi nito kina Jethro, Colin at Harley.

Bumuga ng hangin si Dave. “I’m sorry, Commander Herrera, I’m going to have to ask you not to go.”

Mabagal itong hinarap ni Mac, naniningkit ang hazel green na mga mata. Matapang itong hinarap ni Dave. Being the hospital corpsman, he had the power

to “suggest” a course of action even if it went against the commander’s orders so long as it was to ensure the medical safety of the team.

“You’re O. You’re the only one right now with the right blood type who can... well, who can spare the blood kung walang O d’un sa pack sa helo. At the rate Commander Riley’s going, I’m going to have to do a battlefield transfusion soon.”

Ibig sabihin, kakailanganin nang direktang kumuha ni Dave ng dugo mula sa mga ugat ni Commander Herrera para isalin iyon sa mga ugat ni Commander Riley.

“How many wounded with O blood?” tanong ni Commander Herrera.

“Three. I’ve divided my supply among them but they’re going to need more in about five hours unless there’s extra O blood in the helo. If not, they’re going to need you.”

Tumango si Commander Herrera. Walang tanong-tanong, kailangan nitong maiwan. Nakasalalay ang buhay ng tatlo sa kakayahan nitong mag-donate ng dugo.

“Get Mikey and Luke,” sabi nito. “They can go

with you. Colin and Harley can provide cover fire from here. Come up with a plan. You have thirty minutes.”

“Roger that,” sabi ni Chief Hale.



Medyo naging komplikado ang pagpaplanong ginawa nila. Hindi kasi sila nag-aatubiling bumaril ng mga teroristang lumalabas mula sa pagkakakubli sa likod ng mga puno kaya sa oras na sumilip sila mula sa kuweba, malamang ay may titira rin sa kanila. Hindi naman uubra ang stealth lang. Gaya nila, may night vision scopes din ang mga kalaban.

Therefore, kailangan nilang daanin sa santong paspasan. Buti na lang at kailangan ding lumabas ng mga terorista mula sa mga pinagkukublihang puno para abutin ng mga bala ng mga ito sina Jethro. To kill the *SEALs*, they would have to expose themselves. At kapag ginawa iyon ng mga terorista, iisa-isahin ng mga pinakamagagaling na snipers ng US military ang mga ito.

Nag-launch sila ng dalawang RPGs patungo sa unang hilera ng mga puno. Nagpulasan ang mga sentries ng mga terorista roon at nag-detonate ang

dalawang RPGs ilang metro ang layo sa harapan ng helicopter at nag-apoy ang gabi.

Nagsimulang tumakbo ang four-man fire team habang kino-cover sila ng sniper fire nina Colin at Harley mula sa kuweba. Sisiguruhin ng mga itong walang makakalusot na terorista para magpapatok sa kanila ng RPG habang nasa helicopter pa sila.

“Three minutes,” paalala ni Chief Hale bago ito lumundag papasok sa nakatagilid na helicopter. Pumwesto si Jethro sa may nguso ng helo para makipagbarilan sa mga kalabang nakapag-regroup na matapos ma-distract nang sumabog ang mga RPG. Sa bandang likuran naman pumwesto ang isa pa nilang teammate na si Luke. Mabilis na kumilos si Mikey na naglalagay ng mga explosives sa katawan ng helicopter.

“Two minutes,” sabi ni Jethro sa sarili habang iniisa-isa ang mga kalabang lumalabas na sa mga puno. Iyon kasi ang plano. Sila ni Luke ang bahala sa mga magtatangkang sumugod habang ang mga snipers ang titira sa kahit na sinong may dalang rocket launcher.

“Got it!” tawag ni Chief Hale nang makalabas itong muli mula sa helo. May dala itong isang bag

na puno ng supplies. Isinuot nito sa mga balikat ang straps ng knapsack bago nakipagpalitan na rin ng putok sa mga kalaban.

“Got it!” sabi na rin ni Mikey nang maikabit nito sa katawan ng helicopter ang huling explosive.

Right on cue, muling nagpapatok ng RPGs ang mga nasa kuweba nila. At habang muling nataranta ang mga terorista sa kabilang banda ng field, nagsimula silang tumakbo pabalik sa kuweba sa ilalim ng protective cover fire ng mga kasamahan.

Dumadagundong ang tibok ng puso ni Jethro pero hindi dahil sa takot kundi dahil sa excitement. This had been incredibly easy!

That was until makarinig siya ng pagsabog sa kanilang likuran, pagsabog na hindi nila inaasahan dahil hindi pa sila nakakalayo sa helicopter.

“Incoming!” sigaw ni Chief Hale bago maramdaman ni Jethro na itinulak siya padapa ni Mikey. Sumubsob siya sa nyebe at akmang itutulak pataas ang sarili para makalaban sa kung sino mang humahabol sa kanila pero biglang may matigas na bagay na sumalpok sa likod ng kanyang ulo.

Ni hindi na niya naramdaman ang muli niyang

pagsubsob sa nyebe. Nilamon na siya ng kadiliman.

